



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
DEPARTMENT OF EDUCATION  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*  
*Office of the Secretary*

Trunkline: 632-1361 to 70  
E-Mail: [osec@deped.gov.ph](mailto:osec@deped.gov.ph)  
Website: <http://www.deped.gov.ph>

SEP 09 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN  
Blg. 333 s. 2003

PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan  
Direktor Panrehiyon  
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Filipino ay idaraos ng Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Malalayang Sining, Western Mindanao State University (WMSU) sa Oktubre 28-29, 2003 sa Bulwagan ng WMSU, Lungsod ng Zamboanga.
2. Ang paksang-diwa ng Gawaing-Kapulungan ay "Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Apat na Kasanayang Pangwika: Pagsasanay sa Talumpatian, Deklamasyon, Balagtasang at Dulaan".
3. Pagkatapos ng gawaing-kapulungan, ang mga dadalong kinatawan ay inaasahang:
  - a) malinang ang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo at pagtataya ng apat na kasanayang pangwika: pagsulat, pagbasa, pakikinig at pagsasalita;
  - b) mabigyan ng angkop na mga istratehiya sa pagtuturo ng apat na kasanayang pangwika;
  - c) maihanda ang sarili bilang guro ng/sa Filipino sa mga makabagong kalakaran sa paglilinang ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral;
  - d) magkaroon ng mahusay na kabatiran ng pangkapaligiran para sa pagsasanay ng talumpatian, deklamasyon, balagtasang, dulaan at iba pang gawaing pang-entablado;
  - e) magkaroon ng kasanayan sa pagsulat ng mga piyesang pantalumpati, pandeklamasyon, pambalagtasang at pandulaan; at
  - f) mabigyan ng sanligang kabatiran sa pagbubuo ng mga pamantayan/panukatan sa paghahatol/paghuhusga ng mga entabladong pagsasagawa.
4. Inaasahang dadalo sa kapulungang ito ang pamunuan sa Filipino, mga kinatawan ng kawanihan at tanggapang sentral ng DepED, CHED, mga panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga puno ng Kagawaran ng Filipino, o sinumang hihirangang kinatawan sa elementarya, sekundarya, tersyarya at unibersidad na pangestado o pribado, mga gurong nagtuturo ng/sa wikang Filipino at ng mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino tulad ng EP, EPP at MAPEH at instraktor/propesor sa Wika at Panitikang Filipino.
5. Ang lahat ng dadalo sa gawaing-kapulungan ay magbabayad ng Dalawanlibong Piso (PhP2,000.00) para sa rehistrasyon na gugugulin sa handouts, materyales, honoraria ng mga tagapagsalita/facilitator/komite (kasama na ang butaw), bayad serbisyo, pagkain at akomodasyon sa loob ng dalawang (2) araw. *et*

6. Ang mga partisipants na magmumula sa pampublikong paaralan ay pinapayagang dumalo sa **opisyal na oras lamang**. Ang mga magmumula sa mga pampridadong paaralan ay maaaring makipag-ugnayan sa pinuno ng kanilang paaralan.

7. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan/tumawag sa mga sumusunod:

Florencia F. Marquez Ph. D.  
Puno, Departamento ng Filipino  
Western Mindanao State University  
Tel. Blg. 9931523/9850205

Prof. Arsenia L. Supnet  
Departamento ng Filipino  
CLA, WMSU  
Tel. Blg. 9931523/9830226

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.



EDILBERTO C. DE JESUS  
Kalihim

Alma/wmsu  
September 3, 2003

Sanggunian: Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan  
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO  
SEMINARS